

Ang Mabuting Balita



The Good News



Nang ikaanim na buwan na ng pagdadalantao ni Elisabet, ang anghel Gabriel ay sinugo ng Diyos sa Nazaret, Galilea, sa isang dalaga na ang pangala'y Maria. Siya'y nakatakang ikasal kay Jose, isang lalaki buhat sa lipi ni Haring David. Paglapit ng anghel sa kinaroroonan ng dalaga, binati niya ito. "Matuwa ka! Ikaw ay kalugud-lugod sa Diyos," wika niya. "Sumasaiyo ang Panginoon!" Nagulumihan si Maria sa gayong pangungusap, at inisip niyang mabuti kung ano ang kahulugan niyon. Kaya't sinabi sa kanya ng anghel, "Huwag kang matakot, Maria sapagkat kinalulugdan ka ng Diyos. Makinig ka! Ikaw ay maglililihi at manganganak ng isang lalaki, at siya'y tatawagin mong Jesus. Magiging dakila siya, at tatawaging Anak ng Kataas-taasan. Ibibigay sa kanya ng Panginoong Diyos ang trono ng kanyang amang si David. Maghahari siya sa angkan ni Jacob magpakailanman, at ang kanyang paghahari ay walang hanggan."

(Lucas 1:26-33)

Sumagot si Maria, "Ako'y alipin ng Panginoon. Mangyari sa akin ang iyong sinabi." At nilisan siya ng anghel.


(Lucas 1:38)

Now in the sixth month the angel Gabriel was sent by God to a city of Galilee named Nazareth, to a virgin betrothed to a man whose name was Joseph, of the house of David. The virgin's name was Mary. And having come in, the angel said to her, "Rejoice, highly favored one, the Lord is with you; blessed are you among women!" But when she saw him, she was troubled at his saying, and considered what manner of greeting this was. Then the angel said to her, "Do not be afraid, Mary, for you have found favor with God. And behold, you will conceive in your womb and bring forth a Son, and shall call His name Jesus. He will be great, and will be called the Son of the Highest; and the Lord God will give Him the throne of His father David. And He will reign over the house of Jacob forever, and of His kingdom there will be no end."

(Luke 1:26-33)


Then Mary said, "Behold the maidservant of the Lord! Let it be to me according to your word." And the angel departed from her.

(Luke 1:38)



Mula sa Nazaret, Galilea, si Jose'y pumunta sa Betlehem, Judea, ang bayang sinilangan ni Haring David, sapagkat siya'y mula sa angkan at lahi ni David. Kasama niyang umuwi upang magpatala rin si Maria na kanyang magiging asawa na noo'y kagampan. Samantalang naroroon sila, dumating ang oras ng panganganak ni Maria at isinilang niya ang kanyang panganay at ito'y lalaki. Binalot niya ng lampin ang sanggol at inihiga sa isang sabsaban, sapagkat wala nang lugar para sa kanila sa bahay-panuluyan. (Lucas 2:4-7)

Joseph also went up from Galilee, out of the city of Nazareth, into Judea, to the city of David, which is called Bethlehem, because he was of the house and lineage of David, to be registered with Mary, his betrothed wife, who was with child. So it was, that while they were there, the days were completed for her to be delivered. And she brought forth her firstborn Son, and wrapped Him in swaddling cloths, and laid Him in a manger, because there was no room for them in the inn. (Luke 2:4-7)



Sa lupain ding yaon ay may mga pastol na nasa parang, nagpupuyat sa pagbabantay ng kanilang mga tupa. Biglang lumitaw sa harapan nila ang isang anghel ng Panginoon at lumaganap sa paligid nila ang nakasisilaw na kaningningan ng Panginoon.

Natakot sila nang gayon na lamang, ngunit sinabi sa kanila ng anghel, "Huwag kayong matakot! Ako'y may dalang mabuting balita para sa inyo na magdudulot ng malaking kagalakan sa lahat ng tao. Sapagkat isinilang ngayon sa bayan ni David ang inyong Tagapagligtas, ang Cristong Panginoon. Ito ang palatandaan: matatagpuan ninyo ang isang sanggol na nababalot ng lampin at nakahiga sa sabsaban."

Biglang lumitaw sa tabi ng anghel ang isang malaking hukbo ng kalangitan, na nagpupuri sa Diyos: "Papuri sa Diyos sa kaitaasan, At sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya!" (Lucas 2:8-14)

Now there were in the same country shepherds living out in the fields, keeping watch over their flock by night. And behold, an angel of the Lord stood before them, and the glory of the Lord shone around them, and they were greatly afraid. Then the angel said to them, "Do not be afraid, for behold, I bring you good tidings of great joy which will be to all people. For there is born to you this day in the city of David a Savior, who is Christ the Lord. And this will be the sign to you: You will find a Babe wrapped in swaddling cloths, lying in a manger." And suddenly there was with the angel a multitude of the heavenly host praising God and saying: "Glory to God in the highest, and on earth peace, goodwill toward men!"

(Luke 2:8-14)



Ang bata'y lumaking malakas, marunong at kalugud-lugod sa paningin ng
Diyos. (Lucas 2:40)

And the Child grew and became strong in spirit, filled with wisdom; and the
grace of God was upon Him. (Luke 2:40)



At dumating nga sa ilang si Juan, nagbabautismo at nangangaral. Sinabi niya sa mga tao, “Pagsisihan ninyo’t talikdan ang inyong mga kasalanan, at pabautismo kayo upang kayo’y patawarin ng Diyos.” Halos lahat ng taga-Judea at taga-Jerusalem ay pumunta kay Juan upang makinig. Ipinahayag nila ang kanilang mga kasalanan at sila’y binautismuhan niya sa Ilog Jordan. Hinabing balahibo ng kamelyo ang damit ni Juan at balat ang kanyang pamigkis. Ang kanya namang pagkai’y balang at pulut-pukyutan. Lagi niyang sinasabi sa kanyang pangangaral, “Darating na kasunod ko ang isang makapangyarihan kaysa akin: ni hindi ako karapat-dapat magkalag ng tali ng kanyang mga panyapak. Binabautismuhan ko kayo sa tubig, ngunit babautismuhan niya kayo sa Espiritu Santo.”

Hindi nagluwat, dumating si Jesus mula sa Nazaret, Galilea, at siya’y binautismuhan ni Juan sa Ilog Jordan. Pagkaahung-pagkaahon ni Jesus sa tubig ay nakita niyang nabuksan ang kalangitan, at bumababa sa kanya ang Espiritu na gaya ng isang kalapati. At isang tinig ang nagmula sa langit: “Ikaw ang minamahal kong Anak; lubos kitang kinalulugdan.”

(Marcos 1:4-11)

John came baptizing in the wilderness and preaching a baptism of repentance for the remission of sins. Then all the land of Judea, and those from Jerusalem, went to him and were all baptized by him in the Jordan River, confessing their sins. Now John was clothed with camel’s hair and with a leather belt around his waist, and he ate locusts and wild honey. And he preached, saying, “There comes One after me who is mightier than I, whose sandal strap I am not worthy to stoop down and loose. I indeed baptized you with water, but He will baptize you with the Holy Spirit.”

It came to pass in those days that Jesus came from Nazareth of Galilee, and was baptized by John in the Jordan. And immediately, coming up from the water, He saw the heavens parting and the Spirit descending upon Him like a dove. Then a voice came from heaven, “You are my beloved Son, in whom I am well pleased.”

(Mark 1:4-11)



Pagkatapos ay umahon si Jesus sa kaburulan, kasama ang kanyang mga pinili. Humirang siya ng labindalawa [na tinawag niyang mga apostol] upang maging kasa-kasama niya, suguing mangaral, at bigyan ng kapangyarihang magpalayas ng mga demonyo. (Marcos 3:13-15)

And He went up on the mountain and called to Him those He Himself wanted. And they came to Him. Then He appointed twelve, that they might be with Him and that He might send them out to preach, and to have power to heal sicknesses and to cast out demons.

(Mark 3:13-15)




May isang Pariseo at pinuno ng mga Judio, na nagngangalang Nicodemo. Isang gabi, siya'y nagsadya kay Jesus. "Rabi," sabi niya, "nalalaman po naming kayo'y isang gurong mula sa Diyos, sapagkat walang makagagawa ng mga kababalaghang ginagawa ninyo malibang sumasakanya ang Diyos."

Sumagot si Jesus, "Sinاسبi ko sa inyo: maliban na ipanganak na muli ang isang tao, hindi siya paghaharian ng Diyos." "Paano pong maipanganak na muli ang isang tao kung matanda na siya? Makapapasok pa ba siya sa tiyan ng kanyang ina para ipanganak uli?" tanong ni Nicodemo. "Sinاسبi ko sa inyo," ani Jesus, "maliban na ang tao'y ipanganak sa tubig at sa Espiritu, hindi siya paghaharian ng Diyos. Ang ipinanganak sa laman ay laman, at ang ipinanganak sa Espiritu ay espiritu. (Juan 3:1-6)

There was a man of the Pharisees named Nicodemus, a ruler of the Jews. This man came to Jesus by night and said to him, "Rabbi, we know that You are a teacher come from God; for no one can do these signs that You do unless God is with him."

Jesus answered and said to him, "Most assuredly, I say to you, unless one is born again, he cannot see the kingdom of God." Nicodemus said to Him, "How can a man be born when he is old? Can he enter a second time into his mother's womb and be born?" Jesus answered, "Most assuredly, I say to you, unless one is born of water and the Spirit, he cannot enter the kingdom of God. That which is born of the flesh is flesh, and that which is born of the Spirit is spirit." (John 3:1-6)



Makaraan iyon,
 pumunta si Jesus sa
 isang bayang tinatawag
 na Nain. Sumama sa kanya
 ang kanyang mga alagad at ang
 napakaraming tao. Nang malapit
 na siya sa pintuan ng bayan, nasalubong
 niya ang libing ng kaisa-isang anak na
 lalaki ng isang babaing bala. Marami ang nakikipaglibing.

Nahabag ang Panginoon nang makita ang ina ng namatay, at
 sinabi sa kanya, "Huwag kang tumangis." Lumapit siya at hinipo
 ang kinalalagyan ng patay at tumigil naman ang mga may dala nito.
 Sinabi niya, "Binata, bumangon ka!"

Naupo ito at nagsalita; at siya'y ibinigay ni Jesus sa kanyang ina.
 Sinidlan ng takot ang lahat at sila'y nagpuri sa Diyos. Sabi nila,
 "Dumating sa atin ang isang dakilang propeta! Nilingap ng Diyos
 ang kanyang bayan!"
 (Lucas 7: 11-16)

Now it happened, the day after, that He went into a city called Nain; and many of His disciples went with Him, and a large crowd. And when He came near the gate of the city, behold, a dead man was being carried out, the only son of his mother; and she was a widow. And a large crowd from the city was with her. When the Lord saw her, He had compassion on her and said to her, "Do not weep." Then he came and touched the open coffin, and those who carried him stood still. And He said, "Young man, I say to you, arise." So he who was dead sat up and began to speak. And He presented him to his mother.

Then fear came upon all, and they glorified God, saying, "A great prophet has risen up among us" and "God has visited His people."
 (Luke 7:11-16)



Tumanaw si Jesus, at nakita niyang dumarating ang napakaraming tao. Tinanong niya si Felipe, "Saan tayo bibili ng tinapay upang makakain ang mga taong ito?" (Sinabi niya ito para subukin si Felipe, sapagkat alam ni Jesus ang kanyang gagawin.) Sumagot si Felipe, "Kahit na po halagang 200 denaryong tinapay ang bilhin ay di sasapat para makakain nang tigkakaunti ang mga tao." Sinabi ng isa sa kanyang mga alagad, si Andres na kapatid ni Simon Pedro, "Mayroon po ritong isang batang lalaki na may dalang limang tinapay na sebada at dalawang isda. Ngunit gaano na ito sa ganyang karaming tao?" "Paupuin ninyo sila," wika ni Jesus. Madamo sa lugar na yaon. Umupo ang lahat—humigit-kumulang sa 5,000 ang mga lalaki. Kinuha ni Jesus ang tinapay at matapos magpasalamat sa Diyos ay ipinamahagi sa mga tao; gayon din ang ginawa niya sa isda. Binigyan ang lahat hangga't gusto nila. At nang makakain na sila, sinabi niya sa mga alagad, "Tipunin ninyo ang lumabis para hindi masayang."

Gayon nga ang ginawa nila, at nakapuno sila ng labindalawang bakol. Nang makita ng mga tao ang kababalaghang ginawa ni Jesus, sinabi nila, "Tunay na ito ang Propetang paririto sa sanlibutan!" (Juan 6:5-14)

Then Jesus lifted up His eyes, and seeing a great multitude coming toward Him, He said to Philip, "Where shall we buy bread, that these may eat?" But this He said to test him, for He himself knew what He would do. Philip answered Him, "Two hundred denarii worth of bread is not sufficient for them, that every one of them may have a little." One of His disciples, Andrew, Simon Peter's brother, said to Him, "There is a lad here who has five barley loaves and two small fish, but what are they among so many?"

Then Jesus said, "Make the people sit down." Now there was much grass in the place. So the men sat down, in number about five thousand. And Jesus took the loaves, and when He had given thanks He distributed them to the disciples, and the disciples to those sitting down; and likewise of the fish, as much as they wanted. So when they were filled, He said to His disciples, "Gather up the fragments that remain, so that nothing is lost." Therefore they gathered them up, and filled twelve baskets with the fragments of the five barley loaves which were left over by those who had eaten. Then those men, when they had seen the sign that Jesus did, said, "This is truly the Prophet who is come into the world." (John 6:5-14)



Nang nagtatakipsilim na, ang mga alagad ay pumunta sa tabi ng lawa, sumakay sa bangka, patawid sa Capernaum. Madilim na'y wala pa si Jesus. Lumakas ang hangin at lumaki ang alon. Nang makagaod sila nang mga lima o anim na kilometro, nakita nila si Jesus na lumalakad sa ibabaw ng tubig, palapit sa bangka. At sila'y natakot. Ngunit sinabi niya sa kanila, "Huwag kayong matakot. Ako ito!" Tuwangtuwa nilang pinasakay si Jesus sa bangka; at pagdaka'y sumadsad ang bangka sa kanilang patutunguhan. (Juan 6:16-21)

Now when evening came, His disciples went down to the sea, got into the boat, and went over the sea toward Capernaum. And it was already dark, and Jesus had not come to them. Then the sea arose because a great wind was blowing. So when they had rowed about three or four miles, they saw Jesus walking on the sea and drawing near the boat; and they were afraid. But He said to them, "It is I; do not be afraid." Then they willingly received Him into the boat, and immediately the boat was at the land where they were going. (John 6:16-21)



May nagdala ng mga bata kay Jesus upang hilinging ipatong niya sa mga ito ang kanyang kamay; ngunit pinagwikaan sila ng mga alagad. Nagalit si Jesus nang makita ito, at sinabi sa kanila, “Pabayaang lumapit sa akin ang mga bata, huwag ninyo silang sawayin, sapagkat sa mga katulad nila naghahari ang Diyos. Ito ang tandaan ninyo: ang sinumang hindi tumatanggap sa paghahari ng Diyos tulad ng isang maliit na bata ay hindi mapapabilang sa mga pinaghaharian niya. At kinalong ni Jesus ang mga bata, ipinatong ang kanyang mga kamay sa kanila at pinagpala sila. (Marcos 10:13-16)

Then they brought little children to Him, that He might touch them; but the disciples rebuked those who brought them. But when Jesus saw it, He was greatly displeased and said to them, “Let the little children come to Me, and do not forbid them; for of such is the kingdom of God. Assuredly I say to you, whoever does not receive the kingdom of God as a little child will by no means enter it.” And He took them up in His arms, laid His hands on them, and blessed them. (Mark 10:13-16)




“Ako ang mabuting pastol. Iniaalay ng mabuting pastol ang kanyang buhay para sa mga tupa.” (Juan 10:11)

“Nakikinig sa akin ang aking mga tupa; nakikilala ko sila, at sumusunod sila sa akin. Binibigyan ko sila ng buhay na walang hanggan, at kailanma’y di sila mapapahamak; hindi sila maaagaw sa akin ninuman.” (Juan 10:27-28)

“I am the good shepherd. The good shepherd gives His life for the sheep.” (John 10:11)

“My sheep hear My voice, and I know them, and they follow Me. And I give them eternal life, and they shall never perish; neither shall anyone snatch them out of My hand.” (John 10:27-28)



Kaya't tinipon ng mga punong saserdote at ng mga Pariseo ang mga kagawad ng Sanedrin. "Ano ang gagawin natin?" wika nila. "Gumagawa ng maraming kababalaghan ang taong ito. Kung siya'y pababayaan natin, mananampalataya sa kanya ang lahat. Paririto ang mga Romano at wawasakin ang Templo at ang ating bansa."

Ngunit isa sa kanila, si Caiphas, ang pinakapunong saserdote noon ay nagsabi ng ganito: "Ano ba kayo? Hindi ba ninyo naiisip na mas mabuti para sa atin na isang tao lamang ang mamatay alang-alang sa bayan, sa halip na mapahamak ang buong bansa?" (Sinabi niya ito hindi sa ganang kanyang sarili lamang. Bilang pinakapunong saserdote ng panahong iyon, hinulaan niyang mamamatay si Jesus dahil sa bansa—at hindi dahil sa bansang iyon lamang, kundi upang tipunin ang nagkakawatak-watak na mga anak ng Diyos.) Mula noon, binalangkas na nila kung paano ipapapatay si Jesus. (Juan 11:47-53)

Then the chief priests and the Pharisees gathered a council and said, "What shall we do? For this Man works many signs. If we let Him alone like this, everyone will believe in Him, and the Romans will come and take away both our place and nation."

And one of them, Caiaphas, being high priest that year, said to them, "You know nothing at all, nor do you consider that it is expedient for us that one man should die for the people, and not that the whole nation should perish." Now this he did not say on his own authority; but being high priest that year he prophesied that Jesus would die for the nation, and not for that nation only, but also that He would gather together in one the children of God who were scattered abroad. Then, from that day on, they plotted to put Him to death. (John 11:47-53)




Nang gabing yaon, dumulog sa hapag si Jesus, kasama ang labindalawang alagad. Samantalang sila'y kumakain, nangusap si Jesus, "Sinasabi ko: isa sa inyo ang magkakanulo sa akin."

Nanlumo ang mga alagad, at isa't isa'y nagtanong sa kanya. "Ako po ba. Panginoon?" Sumagot siya, "Ang kasabay kong sumawsaw sa mangkok ang siyang magkakanulo sa akin. (Mateo 26:20-23)

When evening had come, He sat down with the twelve. Now as they were eating, He said, "Assuredly, I say to you, one of you will betray Me."

And they were exceedingly sorrowful, and each of them began to say to Him, "Lord, is it I?" He answered and said, "He who dipped his hand with Me in the dish will betray Me." (Matthew 26:20-23)




May dinala pa silang dalawang salarin upang pataying kasama ni Jesus. Nang dumating sila sa dakong tinatawag na Bungo, ipinako nila sa krus si Jesus. Ipinako rin ang dalawang salarin, isa sa gawing kanan at isa sa gawing kaliwa. (Lucas 23:32-33)

Tinuya siya ng isa sa mga salaring nakabitin, at ang sabi, "Hindi ba ikaw ang Mesias? Iligtas mo ang iyong sarili, pati na kami!" Ngunit pinagsabihan siya ng kanyang kasama, "Hindi ka ba natatakot sa Diyos? Ikaw ma'y pinarurusahang tulad niya! Matuwid lamang na tayo'y parusahan nang ganito dahil sa ating mga ginawa; ngunit ang taong ito'y walang ginawang masama." At sinabi niya, "Jesus, alalahanin mo ako kapag naghahari ka na." Sumagot si Jesus, "Sinasabi ko sa iyo: ngayon di'y isasama kita sa Paraiso." (Lucas 23:39-43)




There were also two others, criminals, led with Him to be put to death. And when they had come to the place called Calvary, there they crucified Him, and the criminals, one on the right hand and the other on the left. (Luke 23:32-33)

Then one of the criminals who were hanged blasphemed Him, saying, "If You are the Christ, save Yourself and us." But the other, answering, rebuked him, saying, "Do you not even fear God, seeing you are under the same condemnation? And we indeed justly, for we receive the due reward of our deeds; but this Man has done nothing wrong." Then he said to Jesus, "Lord, remember me when You come into Your kingdom." And Jesus said to him, "Assuredly, I say to you, today you will be with Me in Paradise." (Luke 23:39-43)



Nang mag-iikalabindalawa ng tanghali, nagdilim sa buong lupain hanggang sa ikatlo ng hapon. Nawalan ng liwanag ang araw; at ang tabing ng templo'y napunit sa gitna. Sumigaw nang malakas si Jesus, "Ama, sa mga kamay mo'y ipinagtatagubilin ko ang aking espiritu!" At pagkasabi nito, nalagot ang kanyang hininga. Nang makita ng kapitan ang nangyari, siya'y nagpuri sa Diyos. "Tunay ngang matuwid ang taong ito!" sabi niya. (Lucas 23:44-47)


Now it was about the sixth hour, and there was darkness over all the earth until the ninth hour. Then the sun was darkened, and the veil of the temple was torn in two. And when Jesus had cried out with a loud voice, He said, "Father, into your hands I commit My spirit." Having said this, He breathed His last. So when the centurion saw what had happened, he glorified God, saying, "Certainly this was a righteous Man!" (Luke 23:44-47)



Bago magtakipsilim, dumating ang isang mayamang taga-Arimatea, na ang ngala'y Jose. Siya'y alagad din ni Jesus. Lumapit siya kay Pilato at hingi ang bangkay ni Jesus. Iniutos naman ni Pilato na ibigay ito sa kanya. Kaya't kinuha ni Jose ang bangkay at binalot ng bagong kayong lino. Inilagay niya ito sa sariling libingan na di pa nalalaunang ipinauka niya sa bato. Pagkatapos, iginulong niya sa pintuan nito ang isang malaking bato, saka umalis. Naroon si Maria Magdalena at ang isa pang Maria, na nakaupo sa tapat ng libingan.

(Mateo 27:57-61)

Now when evening had come, there came a rich man from Arimathea, named Joseph, who himself had also become a disciple of Jesus. This man went to Pilate and asked for the body of Jesus. Then Pilate commanded the body to be given to him. When Joseph had taken the body, he wrapped it in a clean linen cloth, and laid it in his new tomb which he had hewn out of the rock; and he rolled a large stone against the door of the tomb, and departed. And Mary Magdalene was there, and the other Mary, sitting opposite the tomb. (Matthew 27:57-61)





Umagang-umaga nang araw ng Linggo, ang mga babae'y nagtungo sa libingan, dala ang mga pabangong inihanda nila. Nang dumating sila, naratnan nilang naigulong na ang batong nakatakip sa pintuan ng libingan. Ngunit nang pumasok sila, wala ang bangkay ng Panginoong Jesus.

Samantalang nagugulo ang kanilang isip tungkol dito, nakita nila't sukat sa tabi nila ang dalawang lalaking nakasisilaw ang damit. Dahil sa matinding takot, sila'y lumuhod, sayad ang mukha sa lupa. Tinanong sila ng mga lalaki, "Bakit ninyo hinahanap ang buhay sa gitna ng mga patay? (Wala na siya rito—siya'y muling nabuhay!) Alalahanin ninyo ang sinabi niya sa inyo noong nasa Galilea pa siya: 'Ang Anak ng Tao ay kailangang maipagkanulo sa mga makasalanan at maipako sa krus, at sa ikatlong araw ay muling mabuhay.'" At naalaala ng mga babae ang mga sinabi niya. (Lucas 24:1-8)

Now on the first day of the week, very early in the morning, they, and certain other women with them, came to the tomb bringing the spices which they had prepared. But they found the stone rolled away from the tomb. Then they went in and did not find the body of the Lord Jesus.

And it happened, as they were greatly perplexed about this, that behold, two men stood by them in shining garments. Then, as they were afraid and bowed their faces to the earth, they said to them, "Why do you seek the living among the dead? He is not here, but is *risen!* Remember how He spoke to you when He was still in Galilee, saying, 'The Son of Man must be delivered into the hands of sinful men, and be crucified, and the third day rise again.'" And they remembered His words. (Luke 24:1-8)



Noon di'y tumindig sila at nagbalik sa Jerusalem. Naratnan nilang nagkakatipon ang Labing-isa at ang ibang mga kasama nila na nag-uusap-usap, "Muli ngang nabuhay ang Panginoon! Nagpakita kay Simon!" At isinalaysay naman ng dalawa ang nangyari sa daan, at kung paano nila siyang nakilala nang pagpira-pirasuhin niya ang tinapay.

Samantalang pinag-uusapan nila ito, si Jesus ay tumayo sa gitna nila. ["Sumainyo ang kapayapaan!" sabi niya sa kanila.] Ngunit nagulat sila at natakot sapagkat ang akala nila'y multo ang nasa harapan nila. Kaya't sinabi ni Jesus sa kanila, "Ano't kayo'y nagugulumihanang? Bakit nag-aalinlangan pa kayo? Tingnan ninyo ang aking kamay at paa, ako nga ito. Hipuin ninyo ako at pagmasdan. Ang multo'y walang laman at buto, ngunit ako'y mayroon, tulad ng nakikita ninyo."


[At pagkasabi nito, ipinakita niya sa kanila ang kanyang mga kamay at mga paa.]

(Lucas 24:33-40)

So they rose up that very hour and returned to Jerusalem, and found the eleven and those who were with them gathered together, saying, "The Lord is risen indeed, and has appeared to Simon!" And they told about the things that had happened on the road, and how He was known to them in the breaking of bread.

Now as they said these things, Jesus Himself stood in the midst of them, and said to them, "Peace to you." But they were terrified and frightened, and supposed they had seen a spirit. And he said to them, "Why are you troubled? And why do doubts arise in your hearts? Behold My hands and My feet, that it is I Myself. Handle Me and see, for a spirit does not have flesh and bones as you see I have." When He had said this, He showed them His hands and His feet.

(Luke 24:33-40)



Sinabi niya sa kanila, "Ganito ang nasusulat: kinakailangang magbata ng hirap at mamatay ang Mesias at muling mabuhay sa ikatlong araw. Sa kanyang pangalan, ang pagsisisi at kapatawaran ng mga kasalanan ay dapat ipangaral sa lahat ng bansa, magmula sa Jerusalem. Kayo ang mga saksi sa mga bagay na ito. (Lucas 24:46-48)

Pagkatapos, sila'y isinama ni Jesus sa labas ng lunsod. Pagdating sa Betania, itinaas niya ang kanyang mga kamay at pinagpala sila. Samantalang iginagawad niya ito, siya nama'y lumalayo [paakyat sa langit]. (Lucas 24:50-51)

And He said to them, "Thus it is written, and thus it was necessary for the Christ to suffer and to rise from the dead the third day, and that repentance and remission of sins should be preached in His name to all nations, beginning at Jerusalem. And you are witnesses of these things." (Luke 24:46-48)

And he led them out as far as Bethany, and He lifted up His hands and blessed them. Now it came to pass while He blessed them, that He was parted from them and carried up into heaven. (Luke 24:50-51)

“Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. Sapagkat sinugo ng Diyos ang kanyang Anak, hindi upang hatulang maparusahan ang sanlibutan, kundi upang iligtas ito sa pamamagitan niya. Hindi hinahatulang maparusahan ang nananampalataya sa bugtong na Anak ng Diyos; ngunit hinatulan nang parusahan ang hindi nananampalataya sa kanya.” (Juan 3:16-18)

For God so loved the world that He gave His only begotten Son, that whoever believes in Him should not perish but have everlasting life. For God did not send His Son into the world to condemn the world, but that the world through Him might be saved. He who believes in Him is not condemned; but he who does not believe is condemned already, because he has not believed in the name of the only begotten Son of God. (John 3:16-18)

Kung sinasabi nating tayo’y walang kasalanan, dinadaya natin ang ating sarili, at wala sa atin ang katotohanan. Kung ipinapahayag natin ang ating mga kasalanan, maaasahan nating ipatatawad sa atin ng Diyos ang mga ito at lilinisin tayo sa lahat ng ating kasamaan sapagkat siya’y matuwid. (I Juan 1:8-9)

If we say that we have no sin, we deceive ourselves, and the truth is not in us. If we confess our sins, He is faithful and just to forgive us our sins and to cleanse us from all unrighteousness. (I John 1:8-9)

Sumagot si Jesus, “Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makapupunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko.” (Juan 14:6)

Jesus said to him, “I am the way, the truth, and the life. No one comes to the Father except through Me.” (John 14:6)

“Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na napapagal at nabibigatan sa inyong pasanin, at kayo’y pagpapahingahin ko. Pasanin ninyo ang aking pamatok, at mag-aral kayo sa akin; ako’y maamo at mababang-loob, at makasusumpung kayo ng kapahingahan para sa inyong kaluluwa. Sapagkat maginhawang dalhin ang aking pamatok, at magaan ang pasaning ibinigay ko sa inyo.” (Mateo 11:28-30)

“Come to Me, all you who labor and are heavy laden, and I will give you rest. Take My yoke upon you and learn from Me, for I am gentle and lowly in heart, and you will find rest for your souls. For My yoke is easy and My burden is light.” (Matthew 11:28-30)

Marami pang kababalaghang ginawa si Jesus na nasaksihan ng mga alagad, ngunit hindi natatala sa aklat na ito. Ang mga natala rito’y sinulat upang sumampalataya kayong si Jesus ang Mesias, ang Anak ng Diyos, at sa gayo’y magkaroon kayo ng buhay sa pamamagitan niya. (Juan 20:30-31)

And truly Jesus did many other signs in the presence of His disciples, which are not written in this book; but these are written that you may believe that Jesus is the Christ, the Son of God, and that believing you may have life in His name. (John 20:30-31)

“Ako ang Alpha at ang Omega, ang una at ang huli, ang Simula at ang Wakas.” (Pahayag 22:13)

“I am the Alpha and the Omega, the Beginning and the End, the First and the Last.” (Revelation 22:13)

AΩ



Ang panalangin bang ito ay nagpaliwatig sa dalangin ng iyong puso? Kung ganon, manalangin ka na si Kristo ay tumuloy sa iyong buhay dahil kanyang ipinangaleo:

Panginoong Jesus, Alam ko na ako ay makasalanan, at kailangan kita sa aking buhay. Salamat sa iyong pagkamatay sa kross para sa aking kasalanan. Salamat sa iyong at pagbigay ng buhay ha walang hanggang. Ina anyayahan kita na aking personal na taga-pagligtas at Panginoon. Kontrolahin mo ho, ang aking buhay.

Pangalan _____ Petsa _____

Does this prayer express the desire of your heart? If it does, pray this prayer and Christ will come into your life as He promised:

“Lord Jesus, I realize that I am a sinner and need you in my life. I thank you for dying on the cross to take away my sins. Thank you for forgiving my sins and giving me eternal life. I invite you into my life as Savior and Lord. Please take control of my life.”

Name _____ Date _____

Illustrated by: Linda Riddell

English Scripture quotations are from the New King James Version
Copyright © 1982 by Thomas Nelson, Inc., Publishers
Used by permission. All rights reserved.

www.goodnewscoloringbook.org

Tagalog/English Teaching Edition

